Libreng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali Available para sa mga Mag-aaral sa California

# Suportahan ang emosyonal na kalusugan ng iyong anak—nang libre.

DHCS
CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES





Ang mga pampublikong paaralan ng California – kasama ang mga K–12 na distrito, kolehiyo, at unibersidad – ay nag-aalok ng LIBRENG mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali sa mga mag-aaral at pamilya—nang libre sa iyo at sa iyong pamilya. Ang mga suportang ito ay ligtas, kumpidensyal, at available sa campus o sa pamamagitan ng mga programang nakabase sa paaralan.

## Ano ang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali?

Kasama sa pangangalaga ng kalusugan ng pag-uugali ang suporta sa kalusugan ng pag-iisip at mga problema sa paggamit ng droga. Makakakuha ang mga mag-aaral at kanilang mga pamilya ng tulong para sa:

- Stress, pagkabalisa, o depression
- Mga emosyonal na paghihirap
- Paggamit ng o adiksyon sa droga
- Pangkalahatang kalusugan ng pag-iisip

## Paano ito isinasagawa?

Maraming paaralan ang nagkakaloob na ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Isang bagong programa ng estado – ang Children and Youth Behavioral Health Initiative (CYBHI) Fee Schedule program – ang tumutulong sa mga paaralan na ma-reimburse sa pamamagitan ng mga programa sa segurong pangkalusugan para sa pagkakaloob ng mga serbisyong ito sa mga mag-aaral na 0-25 taong gulang, di alintana kung mayroon kang Medi-Cal, komersyal na pangangalagang pangkalusugan, o seguro sa kapansanan.

## Maaapektuhan ba nito ang pagsaklaw sa akin o may babayaran ba ako?

**Hindi/Wala. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay nang walang dagdag na gastos sa mga pamilya.**

- **Hindi** ka sisingilin.
- **Hindi ka kailanman** sisingilin ng co-pay o deductible.
- **Hindi** maaapektuhan ang pagsaklaw sa iyo.





## Ano ang dapat kong gawin?

Kung ang iyong anak ay wala pang 18 taong gulang, pumapasok sa pampublikong paaralan ng California, at nakakatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa paaralan, maaaring hilingin sa iyong:

- Pumirma ng form ng pahintulot
- I-update ang impormasyon sa segurong pangkalusugan ng iyong anak, gaya ng:
  - Isang kopya ng kanilang card ng seguro, at/o
  - Pangalan ng kanilang planong pangkalusugan, numero ng polisa, at iyong pangalan (kung ikaw ang policyholder).

Kung ikaw ay 18 – 25 taong gulang, maaaring magkwalipika ka rin para sa mga serbisyong ito.

## Ligtas ba ang impormasyon ko?

**Oo. Protektado ang iyong privacy.**

Ang impormasyon ng iyong seguro ay gagamitin lang para tulungan ang paaralan na makatanggap ng bayad para sa mga serbisyo.

Ikaw at ang iyong anak ay may mga legal na karapatan sa pagiging kumpidensyal at proteksyon sa ilalim ng batas ng California at pederal.

# Nararapat ang bawat mag-aaral na magkaroon ng akses sa pangangalaga.

### Magtulungan tayo para mapabuti ang kalusugan ng mga bata at kabataan sa California.

**Kung kailangan mo ng tulong o may mga tanong, tanungin ang administrador ng inyong paaralan, bisitahin ang www.dhcs.ca.gov/CYBHI, o mag-email sa DHCS.SBS@dhcs.ca.gov.**

**Kailangan mo ba ng pagsaklaw ng segurong pangkalusugan?**
Maaari kang magkwalipika para sa Medi-Cal. I-scan ang QR code o bisitahin ang my.medi-cal.ca.gov para masaklaw ngayon.